




# WALANG-KILING NA PABAHAY

Pantay-pantay na Pagkakataon  
Para sa Lahat



**U.S. Department of Housing and Urban Development**  
Office of Fair Housing and Equal Opportunity



Mangyaring tingnan ang aming website: [www.hud.gov/fairhousing](http://www.hud.gov/fairhousing)  
Tagalog Version





## WALANG-KILING NA PABAHAY — PANTAY-PANTAY NA PAGKAKATAON PARA SA LAHAT

Kinakatawan ng America, sa lahat ng paraan, ang pagkakapantay-pantay ng pagkakataon para sa lahat ng tao. Ang kasaganaan ng pagkakaiba ng mga mamamayan nito at ang damdamin ng pagkakaisa na bumubuklod sa ating lahat ay sumasagisag sa mga prinsipyo ng kalayaan at katarungan na naging saligan ng pagtatag sa bansang ito. Kaya nga lubusang nakakabagabag kapag ang mga bagong imigrante, ang mga minoridad, ang mga pamilyang may mga bata, at ang mga taong may kapansanan ay pinagkakaitan ng pabahay na pinili nila dahil sa ilegal na diskriminasyon.

Ang Department of Housing and Urban Development (HUD) ang nagpapatupad sa Fair Housing Act [Ang Batas Ng Walang-Kiling na Pabahay] na nagbabawal sa diskriminasyon at sa pananakot sa mga tao sa kanilang mga bahay, mga apartment building, at mga condominium development – sa halos lahat ng mga transaksyong nauukol sa pabahay, kasama ang pagpapaupa at pagbebenta ng pabahay at sa pagpapautang para sa mga mortgage.

Ang pantay-pantay na access sa mga pagkakataon para sa inuupahang pabahay at sa pagkamay-ari ng bahay ay ang pundasyon ng patakaran ng pabahay ng pamahalaang pederal ng bansang ito. Ang mga nagpapabahay na tumatanggì na magpaupa o magbenta ng mga bahay sa mga tao batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihyon, kasarian, status ng pamilya, o kapansanan ay lumalabag sa batas pederal, at masigasig na ipagpapatuloy ng HUD ang mga aksyon para sa pagpapatupad laban sa kanila.

Hindi lamang ilegal ang diskriminasyon sa pabahay, sinasalungat nito sa lahat ng paraan ang mga prinsipyo ng kalayaan at pagkakataon na labis na pinakaiingatan natin bilang mga Amerikano. Nakatalaga ang HUD sa pagtitiyak na pare-pareho ang trato sa lahat ng tao kapag naghahanap ng lugar na ituturing na tahanan.

### MGA NILALAMAN

The Fair Housing Act [Ang Batas ng Walang-Kiling na Pabahay] .....	1
Anong Pabahay ang Saklaw? .....	1
Ano ang Ipinababawal? .....	1
Karagdagang Proteksyon Kung Mayroon Kayong Kapansanan .....	3
Mga Proteksyon sa Pabahay Para sa Mga Pamilyang	
May Mga Bata .....	5
Kung Sa Palagay Ninyo Linabag Ang Mga Karapatan Ninyo .....	6
Anong Mangyayari Magharap Kayo ng Sumbong? .....	10
Anong Mangyayari Kung Mawawala Ko Ang Aking Pabahay	
Dahil sa Pagpapaalis o sa Pagbebenta? .....	11
Anong Mangyayari Pagkatapos ng Imbestigasyon ng Sumbong? .....	12
At Saka .....	14

**U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD)**  
451 7<sup>th</sup> Street, S.W., Washington, D.C. 20410-2000



**WALANG-KILING NA PABAHAY** Pantay-pantay na Pagkakataon Para sa Lahat

## THE FAIR HOUSING ACT [ANG BATAS NG WALANG-KILING NA PABAHAY]

Ipinagbabawal ng Fair Housing Act ang diskriminasyon sa pabahay dahil sa:

- Lahi o kulay
- Relihiyon
- Kasarian
- Kapansanan
- Status ng pamilya (kasama ang mga bata na wala pang 18 taong gulang na nakatira kasama ng mga magulang o ng mga legal na custodian, mga babaeng nagdadalantao at mga taong nagpepetisyong igawad sa kanilang poder ang pag-aaruga sa mga batang wala pang 18 taong gulang)
- Bansang Pinagmulan

### ANONG PABAHAY ANG SAKLAW?

Saklaw ng Fair Housing Act ang karamihan ng pabahay. Sa ilang sirkumstansya, ang Batas ay nagbibigay ng eksemsyon sa mga gusaling tinitirahan ng may-ari na hindi hihigit sa apat ang unit, sa pabahay na pang-isang pamilya na binenta o pinaupahan na walang ginamit na broker at sa pabahay na pinamamahalaan ng mga organisasyon at mga pribadong club na naglilimita ng pagtira sa mga myembro.

### ANO ANG IPINAGBABAWAL?

**Sa Pagbebenta at sa Pagpapaupa ng Pabahay:** Walang sinuman ang maaaring magsagawa ng alinman sa sumusunod na mga aksyon batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, kapansanan, status ng pamilya, o bansang pinagmulan:

- Tumanggi na magpaupa o magbenta ng pabahay
- Tumanggi na makipag-areglo para sa pabahay
- Gawing hindi maaaring makita, maupahan o mabenta ang pabahay
- Sa ibang paraan ipagkait ang isang tirahan
- Magtakda ng kakaibang mga tadhana, mga kondisyon o mga pribilehyo para sa pagbenta o pagpaupa ng isang tirahan
- Magkaloob ng kakaibang mga serbisyo o pasilidad sa pabahay
- Magsinungaling at ikaila na ang pabahay ay maaaring ma-inspeksyon, mabenta o maupahan

- Para kumita, hikayatin, o subukang hikayatin ang mga may-ari ng bahay na ibenta o paupahan ang mga tirahan sa pamamagitan ng pagmumungkahi na may mga taong kabilang sa isang partikular na lahi, atbp., na lumipat na, o na malapit nang lumipat sa komunidad (blockbusting) o
- Ipagkait sa kaninuman ang access sa, ang pagiging myembro o ang partisipasyon sa, anumang organisasyon, pasilidad o serbisyo (tulad ng isang multiple listing service) na may-kaugnayan sa pagbebenta o pagpapaupa ng mga tirahan, o kumiling laban sa kaninuman sa mga tadhana o mga kondisyon ng ganoong access, pagiging myembro o partisipasyon.

**Sa Pagpapautang Para sa Mortgage:** Walang sinuman ang maaaring magsagawa ng alinman sa sumusunod na mga aksyon batay sa lahi, kulay, relihyon, kasarian, kapansanan, status ng pamilya, o bansang pinagmulan:

- Tumanggi na magpautang para sa mortgage
- Tumanggi na magkaloob ng impormasyon tungkol sa mga pautang
- Magtakda ng kakaibang mga tadhana o mga kondisyon sa isang pautang, tulad ng kakaibang porsyento ng tubo, points o mga bayarin
- Kumiling sa pagtaya ng ari-arian
- Tumanggi na bilhin ang isang pautang o
- Magtakda ng kakaibang mga tadhana o mga kondisyon para sa pagbili ng isang pautang.

At saka, labag sa Fair Housing Act ang:

- Pagbantaan, puwersahin, takutin o panghimasukan ang sinumang gumagamit ng isang karapatan sa walang-kiling na pabahay o tumutulong sa ibang gumagamit ng karapatan
- Gumawa, maglimbag, o maglathala ng anumang pahayag, na may-kaugnayan sa pagbebenta o pagpapaupa ng isang tirahan, na nagpapahayag ng pagtatangi, limitasyon, o diskriminasyon batay sa lahi, kulay, relihyon, kasarian, kapansanan, status ng pamilya, o bansang pinagmulan. Ang pagbabawal na ito sa may-kinikilingang pag-aanunsyo ay umiiral sa mga pabahay na pang-isang pamilya at tinitirahan ng may-ari na sa ibang paraan ay hindi saklaw ng Fair Housing Act

- Tumanggi na magkaloob ng seguro sa may-ari ng bahay para sa isang tirahan dahil sa lahi, kulay, relihyon, kasarian, kapansanan, status ng pamilya, o bansang pinagmulan ng may-ari at/o ng mga nakatira sa isang tirahan
- Magtangi sa mga tadhana o mga kondisyon ng seguro ng may-ari ng bahay dahil sa lahi, kulay, relihyon, kasarian, kapansanan, status ng pamilya, o bansang pinagmulan ng may-ari at/o ng mga nakatira sa isang tirahan
- Tumangging magkaloob ng nakahandang impormasyon tungkol sa lahat ng mga opsyong mapamimilian para sa pagseseguro ng may-ari ng bahay dahil sa lahi, atbp., ng may-ari at/o ng mga nakatira sa isang tirahan
- Gumawa, maglimbag, o maglathala ng anumang pahayag, na may-kaugnayan sa pagkaloob ng seguro sa may-ari ng bahay, na nagpapahayag ng pagtangi, limitasyon, o diskriminasyon batay sa lahi, kulay, relihyon, kasarian, kapansanan, status ng pamilya, o bansang pinagmulan.

## **KARAGDAGANG PROTEKSYON KUNG MAY KAPANSANAN KAYO**

Kung kayo o sinumang may-kaugnayan sa inyo ay:

- May kapansanang pisikal o mental (kasama ang kahirapan sa pandinig, pagkilos at paningin, cancer, mga di-gumagaling na sakit sa isip, HIV/ AIDS, o kapansanang pang-isip) na naglilimita nang malaki-laki sa isa o mahigit pang lalong mahalagang gawain sa buhay
- May rekord ng ganoong kapansanan o
- Itinuturing na mayroong ganoong kapansanan, ang nagpapabahay ay hindi maaaring:
  - Tumanggi na pahintulutan kayong gumawa ng makatwirang pagbabago sa tirahan ninyo o sa mga lugar na ginagamit ng lahat, na tutustusan ninyo, kung kailangan ito para lubusan ninyong magamit ang pabahay. (Saanman makatwiran, maaaring pahintulutan ng landlord ang mga pagbabago kapag papayag lamang kayo na ibalik ang bahay sa orihinal na kondisyon nito sa oras na lumipat kayo.)
  - Tumanggi na magsagawa ng makatwirang kaluwagan sa mga tuntunin, mga patakaran, mga gawi o mga serbisyo kung kakailanganin para mapantayan ninyo ang gamit sa pabahay tulad ng mga taong walang kapansanan.

**Halimbawa:** Ang isang gusaling may patakaran na “walang alagang hayop” ay dapat magpahintulot sa isang naninirahang may kapansanan sa mata na magkaroon ng alagang guide dog.

**Halimbawa:** Ang apartment complex na nag-aalok ng maraming di-reserbadong paradahan para sa mga naninirahan ay dapat magpaunlak sa kahilingan mula sa isang naninirahang may kahirapan sa pagkilos para sa isang reserbadong espasyong malapit sa apartment niya kung kakailanganin para makatiyak na may access siya sa kanyang apartment. Gayunman, hindi pinoprotektahan ng Fair Housing Act ang isang taong tuwirang panganib sa kalusugan o kaligtasan ng iba o kasalukuyang gumagamit ng ilegal na mga droga.

**Mga Utos Hinggil sa Pagiging Madaling Marating/Magamit para sa mga Bagong Gusali na Pangmaramihang Pamilya:** Sa mga gusaling may apat o mahigit pang unit na unang tinirahan pagkatapos ng Marso 13, 1991, at may elevator:

- Ang mga lugar na pangmadla at ginagamit ng lahat ay dapat madaling mapuntahan ng mga taong may kapansanan.
- Lahat ng mga pinto at mga pasilyo ay dapat may sapat na kaluwagan para sa mga wheelchair
- Lahat ng mga unit ay dapat mayroong:
  - Daanang papasok at palibot sa unit na madaling marating
  - Madaling marating at maabot na mga switch ng ilaw, mga saksakan ng plug para sa kuryente, mga thermostat at iba pang mga environmental control
  - Mga pinatibay na dingding ng banyo para maaaring mag-instala sa bandang huli ng mga grab bar at
  - Mga kusina at mga banyo na maaaring magamit ng mga taong naka-wheelchair

Kung ang gusaling may apat o mahigit pang unit ay walang elevator at unang tinirahan pagkatapos ng Marso 13, 1991, ang mga pamantayang ito ay umiiral sa mga unit sa unang palapag lamang.

Hindi pinapalitan nitong mga utos hinggil sa pagiging madaling marating/magamit para sa bagong mga gusaling pangmaramihang pamilya ang mga mas mahigpit na pamantayan ng pagiging madaling marating/magamit na inuutos ayon sa batas Estado o lokal.



## MGA PROTEKSYON SA PABAHAY PARA SA MGA PAMILYANG MAY MGA BATA

Itinatakda ng Fair Housing Act na labag sa batas ang pagkiling laban sa isang taong may isa o mahigit pang bata na wala pang 18 taong gulang na kasama sa kanyang sambahayan (status ng pamilya). Saklaw ng proteksyon para sa status ng pamilya ang mga sambahayan kung saan nakatira ang isa o mahigit pang batang menor de edad kasama ng:

- Isang magulang;
- Isang tao kung kaninong poder iginawad ng batas ang legal na pag-aaruga (kasama ang guardianship) ng isang bata o mga bata na menor de edad; o
- Taong hinirang ng isang magulang o ng legal na custodian, na may nakasulat na pahintulot ng magulang o ng legal na custodian. Saklaw din ng proteksyon para sa status ng pamilya ang mga babaeng nagdadalantao at ang sinumang nasa proseso ng pagpepetisyon na igawad sa kanilang poder ang legal na pag-aaruga ng isang batang menor de edad (kasama ang mga magulang na tagaampon o foster).

**Ang Eksemasyon para sa “Pabahay para sa Mga Taong May Katandaan”:** Binibigyan ng Fair Housing Act ang ilang pasilidad at komunidad ng pabahay para sa mga senior ng tiyakang eksemasyon sa pananagutan para sa diskriminasyon batay sa status ng pamilya. Maaaring legal na tanggihan ng mga pasilidad o komunidad ng pabahay para sa mga senior na may eksemasyon ang magbenta o magpaupa ng mga tirahan sa mga pamilyang may mga batang menor de edad. Para maging karapat-dapat para sa eksemasyon sa “pabahay para sa mga taong may katandaan”, kailangang patunayan ng isang pasilidad o komunidad na ang pabahay nito ay:

- Ipinagkakaloob batay sa anumang programang Estado o Pederal na siniguro na ng HUD na tiyakang itinalaga at pinangangasiwaan para tumulong sa mga taong higit na nakatatanda (tulad ng itinakda sa programang Estado o Pederal); o
- Inilaan para sa, at tanging tinitirahan ng mga tao na may 62 taong gulang o mas matanda; o
- Inilaan at pinangangasiwaan para tirahan ng mga tao na may 55 taong gulang o mas matanda.

**Para maging karapat-dapat para sa “55 o mas matanda”** eksemasyon sa pabahay, dapat masapatan ng pasilidad o ng komunidad ang bawat isa sa sumusunod na mga utos:

- dapat may isa man lamang na nakatira na may 55 taong gulang o mas matanda sa hindi kukulangin sa 80 porsyento ng mga unit, at
- dapat maglathala at sumunod ang pasilidad o ang komunidad sa mga patakaran at mga pamamaraang nagpapaliwanag ng balak na pamahalaan bilang pabahay para sa “55 taong gulang o mas matanda”; at
- kailangan sumunod ang pasilidad o ang komunidad sa mga hinihingi ng regulasyon ng HUD para sa beripikasyon ng edad ng mga residente

Ang eksemasyon ng “pabahay para sa mga taong higit na nakatatanda” ay hindi nagbibigay ng proteksyon mula sa pananagutan para sa diskriminasyon sa pabahay batay sa lahi, kulay, relihyon, kasarian, kapansanan, o bansang pinagmulan sa mga pasilidad o ang mga komunidad ng pabahay para sa mga senior.

Handang tumulong ang HUD sa anumang problema ng diskriminasyon sa pabahay. Kung sa palagay ninyo, linabag ang mga karapatan ninyo, maaari kayong magharap ng sumbong online, sumulat o tumawag sa opisina ng HUD na pinakamalapit sa inyo. Mayroon kayong isang taon pagkatapos na mangyari o matapos ang ipinapatang na diskriminasyon para magharap ng sumbong sa HUD, ngunit dapat ninyong iharap ito sa lalong pinakamadaling panahon.

## **KUNG SA PALAGAY NINYO LINABAG ANG MGA KARAPATAN NINYO**

**Anong Ipababatid sa HUD:**

- Ang pangalan at ang address ninyo
- Ang pangalan at ang address ng taong sinusumbong ninyo (ang idinemanda)
- Ang address o ang ibang identipikasyon ng pabahay na nauugnay
- Maikling pagsasalarawan ng ipinapatang na paglabag (ang pangyayaring nagsanhi sa inyong paniwalaang linabag ang mga karapatan ninyo)
- Ang (mga) petsa ng ipinapatang na paglabag

**Saan Susulat o Tatawag:** Magharap ng sumbong online, magpadala ng sulat sa opisina ng HUD na pinakamalapit sa inyo, o kung gusto ninyo, maaari kayong tumawag nang tuwiran sa opisina ng iyon. Ang mga taong bingi o mahina ang pandinig at gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa mga opisina ng iyon sa pamamagitan ng Federal Information Relay Service sa 1-800-877-8339 na libre ang tawag.

*Para sa Connecticut, Maine, Massachusetts, New Hampshire, Rhode Island at Vermont:*

**PANREHYONG OPISINA SA BOSTON**

*(Complaints\_office\_01@hud.gov)*

U.S. Department of Housing and Urban Development

Thomas P. O'Neill Jr. Federal Building

10 Causeway Street, Room 321

Boston, MA 02222-1092

Telepono (617) 994-8300 o 1-800-827-5005

Fax (617) 565-7313 \* TTY (617) 565-5453

*Para sa New Jersey, New York, Puerto Rico at U.S. Virgin Islands:*

**PANREHYONG OPISINA SA NEW YORK**

*(Complaints\_office\_02@hud.gov)*

U.S. Department of Housing and Urban Development

26 Federal Plaza, Room 3532

New York, NY 10278-0068

Telepono (212) 542-7519 o 1-800-496-4294

Fax (212) 264-9829 \* TTY (212) 264-0927

*Para sa Delaware, District of Columbia, Maryland, Pennsylvania, Virginia at West Virginia:*

**PANREHYONG OPISINA SA PHILADELPHIA**

*(Complaints\_office\_03@hud.gov)*

U.S. Department of Housing and Urban Development

The Wanamaker Building

100 Penn Square East

Philadelphia, PA 19107-9344

Telepono (215) 861-7646 o 1-888-799-2085

Fax (215) 656-3449 \* TTY (215) 656-3450

*Para sa Alabama, Florida, Georgia, Kentucky, Mississippi, North Carolina, South Carolina, at Tennessee:*

**PANREHYONG OPISINA SA ATLANTA**

*(Complaints\_office\_04@hud.gov)*

U.S. Department of Housing and Urban Development

Five Points Plaza

40 Marietta Street, 16th Floor

Atlanta, GA 30303-2808

Telepono (404) 331-5140 o 1-800-440-8091 x2493

Fax (404) 331-1021 \* TTY (404) 730-2654

*Para sa Illinois, Indiana, Michigan, Minnesota, Ohio at Wisconsin:*

**PANREHYONG OPISINA SA CHICAGO**

*(Complaints\_office\_05@hud.gov)*

U.S. Department of Housing and Urban Development

Ralph H. Metcalfe Federal Building

77 West Jackson Boulevard, Room 2101

Chicago, IL 60604-3507

Telepono 1-800-765-9372

Fax (312) 886-2837 \* TTY (312) 353-7143

*Para sa Arkansas, Louisiana, New Mexico, Oklahoma at Texas:*

**PANREHYONG OPISINA SA FORT WORTH**

*(Complaints\_office\_06@hud.gov)*

U.S. Department of Housing and Urban Development

801 Cherry Street

Suite 2500, Unit #45

Fort Worth, TX 76102-6803

Telepono (817) 978-5900 o 1-888-560-8913

Fax (817) 978-5876/5851 \* TTY (817) 978-5595

*Para sa Iowa, Kansas, Missouri at Nebraska:*

**PANREHYONG OPISINA SA KANSAS CITY**

*(Complaints\_office\_07@hud.gov)*

U.S. Department of Housing and Urban Development

Gateway Tower II

400 State Avenue, Room 200, 4th Floor

Kansas City, KS 66101-2406

Telepono (913) 551-6958 o 1-800-743-5323

Fax (913) 551-6856 \* TTY (913) 551-6972

*Para sa Colorado, Montana, North Dakota, South Dakota, Utah at Wyoming:*

**PANREHYONG OPISINA SA DENVER**

*(Complaints\_office\_08@hud.gov)*

U.S. Department of Housing and Urban Development  
1670 Broadway  
Denver, CO 80202-4801

Telepono (303) 672-5437 o 1-800-877-7353

Fax (303) 672-5026 \* TTY (303) 672-5248

*Para sa Arizona, California, Hawaii at Nevada:*

**PANREHYONG OPISINA SA SAN FRANCISCO**

*(Complaints\_office\_09@hud.gov)*

U.S. Department of Housing and Urban Development  
600 Harrison Street, Third Floor  
San Francisco, CA 94107-1387

Telepono 1-800-347-3739

Fax (415) 489-6558 \* TTY (415) 489-6564

*Para sa Alaska, Idaho, Oregon at Washington:*

**PANREHYONG OPISINA SA SEATTLE**

*(Complaints\_office\_10@hud.gov)*

U.S. Department of Housing and Urban Development  
Seattle Federal Office Building  
909 First Avenue, Room 205  
Seattle, WA 98104-1000

Telepono (206) 220-5170 o 1-800-877-0246

Fax (206) 220-5447 \* TTY (206) 220-5185

Kung, pagkatapos ninyong kontakin ang lokal na opisinang pinakamalapit sa inyo, mayroon pa kayong mga tanong – maaari pa ninyong kontakin ang HUD sa:

U.S. Department of Housing and Urban Development  
Office of Fair Housing and Equal Opportunity

451 7th Street, S.W., Room 5204

Washington, DC 20410-2000

Telepono 1-800-669-9777

Fax (202) 708-1425 \* TTY 1-800-927-9275

[www.hud.gov/fairhousing](http://www.hud.gov/fairhousing)

**Kung Mayroon Kayong Kapansanan:** Nagkakaloob din ang HUD ng:

- Teleponong TTY para sa mga gumagamit na bingi/mahina ang pandinig (tingnan ang listahan sa itaas para sa pinakamalapit na opisina ng HUD)
- Mga Tagapagsalin, Mga Tape at Mga material na nakasulat sa Braille
- Tulug sa pagbasa at pagsagot sa mga form

## **ANONG MANGYAYARI KUNG MAGHARAP KAYO NG SUMBONG?**

Ipababatid sa inyo ng HUD sa pamamagitan ng kasulatan kapag natanggap na ang inyong sumbong para sa pagharap ayon sa Fair Housing Act. Gagawin rin ng HUD ang sumusunod:

- Ipababatid sa sinasabing lumabag (“ang idinemanda”) ang tungkol sa pagharap ng inyong sumbong, at bibigyan ng panahon ang idinemanda para magsumite ng nakasulat na sagot sa sumbong.
- Iimbestigahin ang inyong sumbong, at aalamin kung mayroon nga o walang makatwirang dahilan para paniwalaang linabag ng idinemanda ang Fair Housing Act.
- Ipababatid sa inyo at sa idinemanda kung hindi makumpleto ng HUD ang imbestigasyon nito sa loob ng 100 araw mula sa pagharap ng inyong sumbong, at ipaalam ang dahilan para sa pagkaantala.

**Pag-areglo ayon sa Fair Housing Act:** Sa panahon na iniimbestiga ang sumbong, kinakailangang mag-alok ang HUD sa inyo at sa idinemanda ng pagkakataong lutasin ang inyong sumbong sa pamamagitan ng isang Kasunduan sa Pag-areglo. Ang Kasunduan sa Pag-areglo ay nagbibigay sa inyo ng pansariling lunas; at pinoprotektahan ang kapakanan ng bayan sa pamamagitan ng pagpipigil sa diskriminasyon ng idinemanda sa darating na panahon. Kapag kayo at ang idinemanda ay pumirma na sa Kasunduan sa Pag-areglo, at inaprobahan ng HUD ang Kasunduan, ihihinto ng HUD ang pag-iimbestiga sa sumbong ninyo. Kung pinaniniwalaan ninyong linabag o ditinupad ng idinemanda ang inyong Kasunduan sa Pag-areglo, dapat ipabatid ninyo kaagad sa Opisina ng HUD na nag-iimbestiga sa sumbong ninyo. Kung matiyak ng HUD na mayroon ngang makatwirang dahilan para paniwalaang linabag ng idinemanda ang Kasunduan, hihilingin ng HUD sa U.S. Department of Justice

na magsampa ng asunto laban sa idinemanda sa Federal District Court [Pandistritong Hukumang Pederal] para ipatupad ang mga tadhana ng Kasunduan.

**Pagsangguni ng Mga Sumbong sa mga Pang- Estado o Lokal na Pambayang Ahensya ng Walang-kiling na Pabahay:** Kung ipinagtibay na ng HUD na ang inyong pang-Estado o lokal na pambayang ahensya ng walang-kiling na pabahay ay nagpapatupad sa isang batas o ordinansa ng mga karapatang sibil na nagkakaloob ng mga karapatan, mga remedyo at mga proteksyon na “katumbas sa kalahatan” sa Fair Housing Act, dapat isangguni kaagad ng HUD ang inyong sumbong sa ahensyang iyon para sa imbestigasyon, at dapat ipabatid kaagad sa inyo ang tungkol sa pagsangguni. Imbestigahan ng ahensyang pang-Estado o lokal ang inyong sumbong ayon sa tinutukoy na batas o ordinansa ng mga karapatang sibil ng Estado o lokal na “katumbas sa kalahatan” .Dapat simulan ng pang-Estado o lokal na pambayang ahensya ng walang-kiling na pabahay ang pag-iimbestiga sa inyong sumbong sa loob ng 30 araw ng pagsangguni ng HUD, o maaaring bawiin (“buhaying muli”) ang sumbong para imbestigahin ayon sa Fair Housing Act.

## **ANONG MANGYAYARI KUNG MAWAWALA KO ANG AKING PABAHAY DAHIL SS PAGPAPAALIS O SA PAGBEBENTA?**

Kung kailangan ninyo ng kagyat na tulong para ihinto o iwasan ang mabigat na problema na nagsanhi sa isang paglabag ng Fair Housing Act, maaaring makatulong sa inyo ang HUD sa sandaling magharap kayo ng sumbong. Maaaring i-autorisa ng HUD ang U.S. Department of Justice na magharap ng Mosyon sa Federal District Court para sa isang Temporary Restraining Order (TRO) [Pansamantalang Utos na Pagpigil] laban sa idinemanda, na susundan ng isang Preliminary Injunction [Pansamantalang Pagpigil] habang hinihintay ang kalalabasan ng imbestigasyon ng HUD. Maaaring maggawad ang Federal Judge ng TRO o ng Preliminary Injunction laban sa idinemanda sa mga kaso kung saan:

- Malamang na mangyari ang di na maisasaayos (di na mapapawalang-bisa) na sama o pinsala sa mga karapatan sa pabahay kung hindi mamagitan ang HUD; at

- Mayroong matibay na ebidensya na linabag ng idinemanda ang Fair Housing Act.

**Halimbawa:** Sumang-ayon ang may-ari na ibenta ang isang bahay, pero, pagkatapos na matuklasan na itim ang mga bumibili, iniurong ang bahay sa pamilihan, pagkatapos pinalista agad ito na binebenta na ulit. Nagharap ang mga bumibili ng sumbong ng diskriminasyon sa HUD. Maaaring i-autorisa ng HUD ang U.S. Department of Justice na humiling ng injunction sa Federal District Court para pigilan ang may-ari sa pagbebenta ng bahay sa sinumang iba hanggang maimbestigahan ng HUD ang sumbong.

## **ANONG MANGYAYARI PAGKATAPOS NG IMBESTIGASYON NG SUMBONG?**

**Pagpapasya Ukol sa Makatwirang Dahilan, Paratang ng Diskriminasyon, at Pamimili:** Sa panahon na matapos ang imbestigasyon ng inyong sumbong, gagawa ang HUD ng Pangwakas na Report ng Imbestigasyon, na magbubuod sa ebidensyang natipon sa panahon ng imbestigasyon. Kung magdesisyon ang HUD na mayroong makatwirang dahilan para paniwalaang kumiling laban sa inyo ang (mga) idinemanda, mag-iisyu ang HUD ng Pagpapasya Ukol sa Makatwirang Dahilan at ng Paratang ng Diskriminasyon laban sa (mga) idinemanda. Kayo at ang (mga) idinemanda ay mayroong dalawampung (20) araw pagkatapos na matanggap ang pabatid ng Paratang para magdesisyon kung gusto ninyong magkaroon ng pagdinig ng kaso ninyo sa harap ng isang Administrative Law Judge (ALJ) [Hukom ng Batas Administratibo] ng HUD o magkaroon ng paglilitis sibil sa Federal District Court.

**Pagdinig ng Administrative Law Judge [Hukom ng Batas Administratibo] ng HUD:** Kung kayo o ang idinemanda ay kapwa hindi pumili na magkaroon ng Pederal na paglilitis sibil bago matapos ang 20-araw na Takdang Panahon para sa Pamimili, ii-schedule agad ng HUD ang Pagdinig para sa kaso ninyo sa harap ng isang Administrative Law Judge (ALJ) ng HUD. Isasagawa ang Pagdinig ng ALJ sa lugar kung saan ipinaparatang na naganap ang diskriminasyon. Sa Pagdinig ng ALJ, kayo at ang (mga) idinemanda ay may karapatang humarap nang personal, na magkaroon ng abogadong gaganap bilang kinatawan ninyo, na magharap ng ebidensya, na balik-tanungin ang mga testigo at



na humiling ng mga subpoena para makatulong sa pagtuklas ng ebidensya. Ang mga abogado ng HUD ang gaganap bilang kinatawan ninyo sa Pagdinig ng ALJ na walang gastos sa inyo; gayunman, maaari rin ninyong piliing mamagitan sa kaso at kumuha ng sarili ninyong abogado. Sa katapusan ng Pagdinig, mag-iisyu ang ALJ ng HUD ng Desisyon batay sa mga nalamang katotohanan at mga kongklusyon ng batas. Kung magpasya ang ALJ ng HUD na linabag ng (mga) idinemanda ang Fair Housing Act, maaaring ang (mga) idinemanda ay bigyan ng utos na:

- Bayaran kayo para sa mga aktwal na bayad-pinsala, kasama ang mga gastos na binayaran ninyo at ang mga bayad-pinsala para sa emotional distress [paghihirap ng damdamin].
- Magkaloob ng permanenteng lunas na nagbabawal sa pagganap.
- Magkaloob ng nararapat na ekwitableng lunas (halimbawa, gawing maaaring tirahan ang pabahay para sa inyo).
- Bayaran ang makatwirang singil ng abogado ninyo.
- Magbayad ng multang sibil sa HUD para itaguyod ang kapakanan ng bayan. Ang maximum na kaparusahang sibil ay: \$16,000.00 para sa unang paglabag sa Batas; \$37,500.00 kung may dati nang paglabag na nangyari sa loob ng sinusundang takdang panahon na limang-taon; at \$65,000.00 kung may dalawa o mahigit pang dati nang paglabag na nangyari sa loob ng sinusundang takdang panahon na pitong-taon.

**Paglilitis Sibil sa Federal District Court:** Kung kayo o ang idinemanda ay pumiling magkaroon ng Pederal na paglilitis sibil para sa inyong sumbong, kailangang isangguni ng HUD ang inyong kaso sa U.S. Department of Justice para sa pagpapatupad. Ang U.S. Department of Justice ay magsasampa ng asuntong sibil alang-alang sa inyo sa U.S. District Court sa distrito kung saan ipinaparatang na nangyari ang diskriminasyon. Maaari rin ninyong piliing mamagitan sa kaso at kumuha ng sarili ninyong abogado. Kayo man o ang idinemanda ay maaaring humiling ng paglilitis sa harap ng hurado, at pareho kayong may karapatang humarap nang personal, na magkaroon ng abogadong gaganap bilang kinatawan ninyo, na magharap ng ebidensya, na balik-tanungin ang mga testigo, at na humiling ng mga subpoena para makatulong sa pagtuklas ng ebidensya. Kung magpasya ang Federal Court nang pabor sa inyo, maaaring iutos ng Hukom o ng hurado sa (mga) idinemanda na:

- Bayaran kayo para sa mga aktwal na bayad-pinsala, kasama ang mga gastos na binayaran ninyo at ang mga bayad-pinsala para sa paghihirap ng damdamin
- Magkaloob ng permanenteng lunas na nagbabawal sa pagganap.
- Magkaloob ng nararapat na ekwitableng lunas (halimbawa, gawing maaaring tirahan ang pabahay para sa inyo).
- Bayaran ang makatwirang singil ng abogado ninyo.
- Bayaran kayo ng nagpaparusang bayad-pinsala.

**Pagpapasya na Walang Makatwirang Dahilan at Pagpawalang-saysay:** Kung magpasya ang HUD na walang makatwirang dahilan para paniwalaang linabag ng (mga) idinemanda ang Batas, ipapawalang-saysay ng HUD ang inyong sumbong sa pamamagitan ng Pagpapasya na Walang Makatwirang Dahilan. Ipapabatid ng HUD sa inyo at sa (mga) idinemanda sa pamamagitan ng koreo ang tungkol sa pagpapawalang-saysay, at maaari kayong humiling ng kopya ng Pangwakas na Report ng Imbestigasyon.

**Mga Muling Pagsasaalang-alang ng mga Pagpapasya na Walang Makatwirang Dahilan:** Walang itlnadhana ang Fair Housing Act para sa pormal na proseso ng pag-aapela para sa mga sumbong na pinawalang-saysay ng HUD. Gayunman, kung pinawalang-saysay ang inyong sumbong sa pamamagitan ng Pagpapasya na Walang Makatwirang Dahilan, maaari kayong magsumite ng nakasulat na kahilingan para muling isaalang-alang at suriin sa: Director, FHEO Office of Enforcement, U.S. Department of Housing and Urban Development, 451 7th Street, SW, Room 5206, Washington, DC 20410-2000.

## AT SAKA

**Maaari Kayong Magsampa ng Pribadong Asunto:** Maaari kayong magsampa ng pribadong asuntong sibil kahit hindi kayo paunang magharap ng sumbong sa HUD. Dapat ninyong isampa ang inyong asunto sa loob ng dalawang (2) taon ng pinakahuling petsa ng ipinaparatang na aksyon ng diskriminasyon.

Kung magharap nga kayo ng sumbong sa HUD at kahit na ipawalang-saysay ng HUD ang inyong sumbong, binibigyan kayo ng Fair Housing Act ng karapatan na magsampa sa Federal District Court ng pribadong asuntong sibil laban sa (mga) idinemanda. Ang panahon ng pagpo-process ng HUD sa inyong sumbong ay hindi binibilang sa 2-taong takdang panahon para sa

paghaharap. Dapat ninyong isampa ang inyong asunto sa sarili ninyong gastos, gayunman, kung hindi ninyo kayang magbayad sa abogado, maaaring maghirang ang Korte ng isa para sa inyo.

Kahit na pinoprocess pa ng HUD ang inyong sumbong, maaari kayong magsampa ng pribadong asuntong sibil laban sa idinemanda, maliban kung (1) nakapirma na kayo sa isang HUD Conciliation Agreement [Kasunduan sa Pag-aareglo ng HUD] para lutasin ang inyong sumbong sa HUD, o (2) sinimulan na ng isang Administrative Law Judge ng HUD ang isang administratibong pagdingig para sa inyong sumbong.

**Iba Pang Kasangkapan sa Paglaban sa Diskriminasyon sa Pabahay:**

- Kapag may di-pagtupad sa utos ng isang Administrative Law Judge, maaaring humiling ang HUD ng pansamantalang panlunas, pagpapatupad sa utos o isang utos na pagpigil sa isang United States Court of Appeals [Korte ng Pag-apela ng United States].
- Maaaring magsampa ng asunto ang Attorney General sa Federal District Court kung mayroong makatwirang dahilan upang paniwalaang may nangyayaring kagawian o kaugalian ng diskriminasyon sa pabahay.



# Mga Puna

WALANG-KILING NA PABAHAY

Pantay-pantay na Pagkakataon Para sa Lahat



# Mga Puna

WALANG-KILING NA PABAHAY Pantay-pantay na Pagkakataon Para sa Lahat



# Mga Puna

WALANG-KILING NA PABAHAY

Pantay-pantay na Pagkakataon Para sa Lahat



## Para sa Karagdagang Impormasyon


Ang layunin nitong brochure ay ang ibuod ang inyong karapatan sa walang-kiling na pabahay. Ang Fair Housing Act at ang mga regulasyon ng HUD ay naglalaman ng karagdagang detalye at ng mga teknikal na impormasyon. Kung kailangan ninyo ng kopya ng batas o ng mga regulasyon, kontakin ang HUD Fair Housing Office na pinakamalapit sa inyo. Tingnan ang listahan ng mga HUD Fair Housing Office sa mga pahina 7-9.



### MAKIPAG-UGNAY SA HUD



Department of Housing and Urban Development  
Room 5204  
Washington, DC 20410-2000



02305

